# Ligtas sa Paligid ng mga Paaralan



## Ang tiyakin na ligtas na makakarating ang mga bata sa paaralan ay tungkulin ng lahat. Maraming mga bata, magulang at kotse ang nagsisikap na makarating sa parehong lugar sa parehong oras – na may limitadong paradahan ng kotse.

Habang walang madaling solusyon, ang mga paaralan, mga konseho, mga magulang at mga anak ay maaaring magtulungan upang makarating ang lahat sa paaralan at sa trabaho – nang ligtas at sa oras.

Kung walang sapat na paradahan sa paligid ng iyong paaralan, narito ang ilang mga kapaki-pakinabang na mungkahi:



### Bawasan ang mga biyahe ng kotse - maaaring makatulong sa iyo ang isa sa mga pagpipiliang ito


- **Maglakad o sumakay papunta sa paaralan.** Simulan ang araw na lumalanghap ng sariwang hangin at nag-eehersisyo at iwasan ang trapik ng mga sasakyan.
- **Ang iyong paaralan ay may mapa na *Walk to School*.** Kumuha ng isang kopya at hanapin ang pinakamahusay na ruta sa paglalakad patungo sa iyong paaralan.
- **Iparada ang sasakyan at maglakad.** Pumarada nang medyo malayo sa paaralan at masiyahan sa maikling paglalakad – habang iniiwasan ang trapik ng mga sasakyan at kawalan ng mapaparadahan.
- **Mag- carpool sa mga kaibigan.** Makipaghalinhinan sa mga kaibigan sa pagsundo at paghahatid – binabawasan nito ang bilang ng mga kotse sa paligid ng iyong paaralan.

### Panatilihing umuusod ang mga sasakyan sa pick-up zone

- **Pinapayagan ka sa pick-up zone** na huminto habang isinasakay o pinabababa ang iyong anak. Hindi ito dapat tumagal nang mahigit sa dalawang minuto. Hindi ka maaaring pumarada at maghintay sa iyong anak sa iyong kotse o iwan ang iyong sasakyan.
- **Lumayo nang malayo sa pick-up zone hangga't maaari,** huwag huminto sa unahan, hinaharangan nito ang trapiko sa likuran mo.
- **Dumating nang kahit man lang tatlong minuto pagkatapos mag-ring ng bell sa paaralan.** Walang bata ang handa na bago ang oras na ito. Huwag dumating nang maaga at pumarada sa pick-up zone – tandaan, maaari ka lamang huminto dito ng 2 minuto.
- **Iba-ibahin ang mga oras ng iyong pagsundo o paghatid** – subukang maghatid nang medyo mas maaga o sumundo nang medyo huli na, makakatulong ito sa iyo na maiwasan ang kasagaran ng trapik.
- **Wala doon ang iyong anak? Patuloy na umusod!** Magmaneho palabas ng pick-up zone at bumalik na lang ulit. Binibigyan nito ang iyong mga anak ng sapat na oras upang makarating at panatilihing dumadaloy ang pick-up zone. Huwag pumarada at maghintay sa kanila sa pick-up zone.

### Bawal Pumarada

Ang karatulang ito ng bawal pumarada ay nangangahulugan na ang lugar ay isang pick-up/drop-off zone. Hindi mo maaaring iwan ang iyong sasakyan nang walang tao at hindi ka maaaring pumarada rito nang mahigit sa dalawang minuto. Ang mga oras ay maaaring maiba sa iyong paaralan, ngunit ang mga patakaran ay pareho.



## Maging magalang at alerto

- **Sumunod sa mga palatandaan, panuntunan sa kalsada at mga karatula sa paradahan,** nandiyan sila upang mapanatiling ligtas ang ating mga anak.
- **Ang karatulang bawal huminto ay nangangahulugang "Huwag itigil ang iyong sasakyan para sa anumang kadahilanan".** Nangangahulugan ito na huwag huminto o iwanan ang iyong sasakyan - mapanganib ito.
- **Huwag pumarada sa mga nature strip o sa harap ng driveway ng mga tao.** Ito ay hindi ligtas para sa mga bata at iba pang mga gumagamit ng kalsada. Hinahadlangan nito ang kalsada at hindi nakikita ng mga bata ang anumang paparating na mga panganib.
- **Huwag pababain ang iyong mga anak sa kabilang kalsada (ng paaralan) at sabihin sa kanila na tumakbo patawid ng kalsada.** Delikado ito Gamitin ang pick-up zone upang magsakay o magpababa. Gumamit ng pinakaligtas na tawiran, tulad ng School Crossing o Pedestrian Crossing.
- **Maging mapagpasensya.** Kung pipiliin mong magmaneho papunta sa paaralan, tandaan na maraming iba pang mga magulang ang may parehong pakay. Dagdagan ang pag-iingat at pasensya.
- **Pabagalin ang pagmamaneho at maging alerto!** Maaring hindi mahulaan ang gagawin ng mga bata at maraming mga bata sa paligid ng mga paaralan, lalo na sa mga oras ng babaan at sakayan.

## Gumamit ng mga tawiran sa paaralan (school crossings)

- **Sinanay ang mga School Crossing Supervisor ng Casey** upang tulungan ang mga bata na tumawid sa kalsada nang ligtas.
- **Gamitin ang tawiran sa paaralan.** Ito ang pinakaligtas na tawiran ng mga bata sa kalsada.
- **Panatilihing walang sasakyan sa tawiran sa paaralan.** Huwag ihinto ang iyong sasakyan sa tawiran. Ang pagharang sa tawiran ay mapanganib para sa lahat.


Ang tiyakin na ligtas na makakarating ang mga bata sa paaralan ay tungkulin ng lahat. Mag-isip bago ka pumarada, magmaneho, magpababa at magsakay! Lahat ng mga bata ay nararapat na makarating sa paaralan nang ligtas.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan sa paligid ng mga paaralan, bisitahin ang **www.casey.vic.gov.au/safe-around-schools**

Ang proyektong ito ay pinagsamang pakikipagsosyo sa pagitan ng mga paaralan ng City of Casey, TAC at Casey.

## Sundin ang mga karatula

### At panatilihing ligtas ang mga bata




### School Zone

Ang limitasyon sa bilis (speed limit) sa paligid ng mga paaralan ay 40km sa mga araw ng pagpasok sa paaralan sa pagitan ng 8.00nu at 9.30nu at 2.30nh at 4.00nh.

Bagalan ang pagmamaneho at panatilihing ligtas ang mga bata.



### Bawal ang Huminto

Ang karatulang bawal ang huminto ay nangangahulugang hindi mo maaaring ihinto ang iyong sasakyan para sa anumang dahilan, kahit sandali lang.








### Bus Zone

Ang bus zone ay isang lugar para lamang sa mga bus. Hindi ka maaaring huminto doon anumang oras.

**Huwag kailanman magdoble-parada, ito ay iligal at mapanganib**

Ang dobleng pagparada ay ang pagtigil sa tabi ng mga nakaparadang sasakyan upang magsakay at magpababa ng mga bata.



**Makipag-ugnay sa City of Casey**

03 9705 5200

**NRS:** 133 677 (para sa mga bingi, may kapansanan sa pandinig o pagsasalita)
**TIS:** 131 450 (Serbisyo sa Pagsasalinwika at Pag-iinterprete)

caseycc@casey.vic.gov.au

**casey.vic.gov.au**

facebook.com/CityOfCasey

@CityOfCasey

PO Box 1000
Narre Warren VIC 3805

**Mga Sentro ng Serbisyo sa Kostumer**

**Narre Warren**
Bunjil Place
Patrick Northeast Drive

**Cranbourne**
Cranbourne Park
Shopping Centre